

Sa mga tagapag-alaga/magulang,

Board of Education ng Lungsod ng Toyota

Aplikasyon sa pinansyal na suporta para sa pag-aaral

1 Ano ang programang nagsusuporta sa pag-aaral?

Ang programang ito ay upang suportahan ang mga magulang na mayroong mga anak mula sa Unang baitang (Grade 1) ng elementarya hanggang sa ika-3 taon ng Junior high school (3rd Year Junior High school) na nahihirapan ang mga magulang na itaguyod ang pag-aaral dahil sa pinansyal na mga kadahilanan, ang tulong ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga kagamitan sa pag-aaral (school supplies) at tanghalian (lunch) sa gayon, ang mga bata ay makapag-aral sa paaralan.

2 Sino ang maaaring makatanggap ng tulong ?

- (1) Sa mga taong tumatanggap ng pampublikong tulong o nasa public welfare
- (2) Sa mga taong tumigil sa pagkuha ng pampublikong tulong.
- (3) Sa mga taong may kahirapan sa pananalapi. (Sambahayan ang kabuuang kita ng mga miyembro ng pamilya ay mas mababa sa limitasyon ng pamantayan sa Lungsod ng Toyota)

3 Pamantayan sa reperensiya ng kita (income) (Yen)

Bilang ng mga tao	2 tao	3 tao	4 na tao	5 tao	6 na tao	7 tao
Net income (Yen)	2,083,000	2,750,000	3,366,000	3,735,000	4,301,000	4,878,000
(Total income)	3,235,000	4,115,000	4,883,000	5,345,000	4,301,000	6,754,000

- ※ Ang kita (income) ay tumutukoy sa halaga ng kita na ibabawas sa withholding tax certificate.
- ※ Ang halaga na nasa itaas ay sasailalim sa pagbabago ng pamantayan ng social welfare.
- ※ Ang halaga na nasa itaas ay reperensiya at maari nilang baguhin depende sa komposisyon ng pamilya at edad.
- ※ Ang kita ng pamilya ay isa lamang sa mga pamantayan ng pagsusuri. Ang pamilya ay maaaring hindi makatanggap ng benepisyo kahit na ang kanilang kinikita ay mas mababa pa sa limitasyon.

4 Pagsumite ng application form

Para sa nais mag-apply sa programang ito kumpletuhin ang application form ng 「Aplikasyon sa pinansyal na suporta para sa pag-aaral」, at isumite kasama ang ibang mga kinakailangang mga dokumento sa paaralan kung saan ang inyong anak ay nag-aaral.

Ang resulta ng aplikasyon ay malalaman sa pamamagitan sa pag-abiso ng paaralan.

Ang deadline ng aplikasyon para sa presman o primer anyo na mag-aaral ay hanggang sa
 年 Taon 月 Buwan 日 araw ()
 Pagkatapos sa petsang ito 「ang gastos ng school supplies o kagamitan sa pag-aaral para sa mga bagong na-enroll na mag-aaral」 ay hindi na maibibigay o mabayaran pagkatapos ng deadline.

5 Mga item na matatanggap

- | | |
|---|--|
| 1 School supplies | 2 Mga kagamitan na ginagamit sa pagpunta sa paaralan (tulad ng payong at sapatos (shoes)) |
| 3 Mga aktibidad sa labas ng paaralan | 4 Gastos na may kaugnayan sa mga materyales sa paaralan para sa pasukan |
| 5 Gastos ng iskursiyon | 6 Gastos ng iskursiyon para sa pag-aaral ng ekolohikal. |
| 7 Pananghalian (school lunch)
na impeksiyon) | 8 Medikal na gastos (Tanging mga tukoy na sakit tulad ng lukab, parasito (bolate)) |
| | 9 Transportasyon na gastos |

※ Ang mga gastos para sa “paglahok ng programang ekstrakurikular” ay hindi kasama. Para sa karagdagang mga impormasyon, sumangguni sa Development Department of the Next Generation.

6 Paraan ng pagbabayad

Sa pamamagitan ng paaralan, ipagkakaloob sa mga tagapag-alaga/magulang sa pamamagitan ng bank transfer .
Ngunit, sa pambihirang kaso, ang pagbabayad ay cash.

Ang pamahalaan ng Toyota City ay hihiling sa awtorisadong miyembro ng kapakanang komite upang gumawa ng isang survey sa aplikanteng pamilya. Mangyari po lamang makipagtulungan. Hindi namin aaprubahan ang inyong aplikasyon kung hindi kayo makipagtulungan. Kung sakaling maaprubahan ang inyong aplikasyon, hihilingin namin sa miyembro ng kapakanang komite na bisitahin ang inyong bahay at bigyan namin sila ng mga impormasyon tungkol sa inyong pamilya. Sana po lamang mauunawaan ninyo.

Isang social worker • Komite ng Pambata

Sila ay tumatanggap ng mga konsultasyon tungkol sa problema ng buhay, aalagaan ang mga bata sa distrito upang mamumuhay ng masaya at ligtas sa panganib, tumatanggap ng konsultasyon tungkol sa mga problema ng pagpapalaki ng mga anak at magbibigay suporta sa mga tao.

Ang mga miyembrong ito ay itinalaga sa 'Ministry of Health and Labor' at magsagawa ng anumang mga gawain upang matulungan ang mga tao sa distrito. Pwede kayong kumunsulta sa kanila dahil iingat na ang inyong mga sekreto.

■ Impormasyon :

Toyota City Board of Education

School Services Division

Academic Affairs Support representative

Tel : 0 5 6 5 - 3 4 - 6 6 6 1